ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo LV Blg. 16
Agosto 21, 2024
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

# Magbangon laban sa pahirap at pabigat na rehimeng Marcos

Mariing binatikos ng iba't ibang sektor ang rehimeng Marcos dahil sa kabulastugang sinabi kamakailan ng mga upisyal nito sa ekonomya na ₱64 kada araw lamang ang kailangan para masabing hindi naghihirap o nagugutom ang isang Pilipino. Garapalang binibilog ni Marcos ang ulo ng taumbayan para pagtakpan ang tunay na dami ng mga naghihirap at nagugutom sa Pilipinas.

Sa pagtatakda ni Marcos ng napakababang pamantayan sa disenteng pamumuhay, pinalalabas ngayon ng kanyang gubyerno na isa lamang sa sampung Pilipino ang mahirap. Tahasang hinahamak ni Marcos ang mayorya ng mga Pilipino na araw-araw sa pagkakayod-kalabaw subalit hindi tumatanggap ng sapat na sahod o kulang na kulang ang kita para tustusan ang pangangailangan ng kanilang mga pamilya.

Sadyang pinagtatakpan ni Marcos at ng kanyang mga upisyal ang tunay na halaga ng pamumuhay sa Pilipinas. Naghahabi siya ng ilusyon na dumarami ang mga Pilipinong antas ng "panggitnang uri," upang ikubli ang katotohanan na karamihan sa mga Pilipino ay sadlak sa kahirapan.

Ang imposibleng napakaliit na estadistika sa gutom at kahirapan ay nagsisilbi sa patakaran ni Marcos na ipako sa napakababang antas ang sahod at sweldo ng mga manggagawa at karaniwang mga kawani. Sa nakalipas na dalawang taon, nagbingi-bingihan si Marcos sa daing at kahilingan para sa makabuluhang umento. Napakalaking insulto sa mga pampublikong guro at kawani ng gubyerno ang ipinagmalaki niya kamakailan na ₱26/araw pagtaas sa sweldo, na mistulang mumong inilaglag mula sa hapag ng mga nagpipiging sa Malacañang.

Mabilis na bumubulusok ang antas ng buhay ng masa ng sambayanang Pilipino. Sa ilalim ni Marcos, walang patlang ang pagsirit ng presyo ng pagkain, laluna ng bigas, pati na ang langis, pamasahe, kuryente at iba pang saligang pangangailangan at mga serbisyo. Nananatili namang mababa ang sahod, at labis na kakarampot ang dagdag na ipinag-utos ng gubyerno. Nasa ₱1,200 na ang halaga ng minimum na pamantayan ng makataong antas ng pamumuhay ng isang lima-kataong pamilya.




Sa harap ng malaking agwat sa pagitan ng sahod at sweldo, sa isang panig, at ng arawang pangangailangan ng mga pamilyang Pilipino, sa kabilang panig, kailangang kailangan na ipaglaban ng mga manggagawa at masang anakpawis ang pagkilala sa kanilang saligang karapatang panlipunan at pang-ekonomya. Dapat nilang igiit, sa partikular, ang kanilang karapatan sa mas mataas na pamantayan ng pamumuhay at mas mahusay na kalidad ng buhay, at kaakibat na umento sa sahod, trabaho at kabuhayan.

Dapat singilin ng sambayanan ang rehimeng Marcos sa lubos na kabiguan nitong pigilan ang pagsirit ng presyo ng pangunahing mga bilihin, serbisyo at kagamitan, at sa patakaran nitong pigilan ang pagtaas ng sahod at sweldo. Walang walang ginagawa ang gubyernong Marcos para tuparin ang inaangkin nitong responsibilidad bilang estado na siguruhin ang kapakanan ng mamamayan.

Ang mga patakarang neoliberal ni Marcos sa ekonomya ay nakasentro sa pag-akit at pagsalalay sa dayuhang pamumuhunan, liberalisasyon sa importasyon, walang awat na pangungutang, at pagpapataw ng karagdagang mga buwis. Ang mga ito ang sanhi ng paglala ng krisis sa ekonomya at pagsahol ng kalagayan ng masa. Nagsisilbi ang mga ito sa interes ng mga dayuhang kapitalista, ng kasosyo nilang lokal na malalaking negosyo, malalaking panginoong maylupa at mga burukratang kapitalista. Tumatabo sila ng bilyun-bilyong piso mula sa mga proyektong pang-imprastruktura ng gubyerno, pandarambong sa yaman ng bansa at pagsasamantala sa murang paggawa.

Ang mga patakarang ito ang dahilan ng walang tigil na pagbagsak ng lokal na produksyon ng pagkain at iba pang saligang pangangailangan, pagtaas ng presyo ng mga inaangkat na bilihin, masidhing problema ng kawalang trabaho (laluna sa mga kabataan), napakababang sahod, pag-agaw ng kabuhayan at dislokasyon ng mga mangingisda at mga maralita, pangangamkam ng lupa, pagpapalayas sa mga magsasaka, pagkawasak ng kapaligiran at pagsasaid sa yaman ng bansa.

Ang mga patakaran ng rehimeng Marcos ay gumagatong sa karaingan ng malawak na masa ng sambayanan. Lalong lumalalim ang kanilang poot kay Marcos sa ginagawang pagbawi sa daan-daang bilyong pisong yaman ninakaw ng kanilang pamilya sa panahon ng diktadura ng kanyang ama. Lalo pang tumindi ang kanilang diskuntento sa paglulustay ng bilyun-bilyong piso sa maya't mayang pagbyahe ni Marcos sa labas ng bansa, mga piging sa Malacañang, pagkontrol sa ismagling ng bigas, asukal at iba pa, garapalang pagnanakaw sa mga proyekto ng gubyerno, paghawak sa Maharlika Investment Fund upang paburan ang negosyo ng kanyang mga kroni, at iba pang kaso ng garapalang korapsyon.

Mas masahol pa, ginagamit ni Marcos ang armadong pwersa ng estado para maghasik ng pasistang terorismo laban sa mamamayan upang supilin ang mamamayan, wasakin ang kanilang pagkakaisa at pigilan silang lumaban.

Sa harap ng kalagayang ito, dapat magpunyagi ang mga pwersang pambansa-demokratiko sa pagpukaw at pagbuklod sa pinakamalapad na hanay ng mamamayan, laluna sa masang pinakanagdurusa sa ilalim ni Marcos. Dapat puspusang itaas ang kamulatan ng masa na ang dinaranas nilang hirap at gutom ay hindi kagagawan ng kapalaran, hindi malulutas ng sipag at tiyaga, at lalong hindi dapat tiisin na lamang. Dapat nilang makita na ito'y tuwirang resulta ng mga patakaran at programa ng rehimeng Marcos at ng kanyang mga among imperyalistang dayuhan.

Dapat ipabatid sa malawak na masa na kailangan nilang magsama-sama at kumilos sa iba't ibang paraan ng paglaban upang ipagtanggol ang kanilang mga karapatan at isulong ang kanilang interes. Dapat buklurin ang kanilang hanay sa mga unyon at iba't ibang anyo ng mga organisasyon sa mga pabrika, komunidad sa kalunsuran at kanayunan, mga paaralan, mga tanggapan, at iba pa.

Ang pakikibaka ng sambayanang Pilipino laban sa anti-mamamayan at anti-nasyunal ng rehimeng Marcos ay bahagi ng pangkalahatang paglaban para wakasan ang buong sistemang malakolonyal at malapyudal sa pamamagitan ng pakikibakang pambansa-demokratiko, kabilang ang iba't ibang anyo ng paglaban, higit sa lahat, sa pamamagitan ng armadong pakikibaka. Dapat wakasan ang paghahari ng mga uring nagsasamantala at nang-aapi. Bilang pinakakonsentradong mukha ng bulok na sistemang ito, ang pasista, papet, pahirap at pabigat na rehimeng US-Marcos ang pinakasentrong target ng paglaban ng sambayanan. AB

ANG Bayan

Tomo LV Blg. 16 | Agosto 21, 2024

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

## Nilalaman

**Editoryal:** Magbangon laban sa pahirap at pabigat na rehimeng Marcos 1
Magkasunod na operasyong haras ng BHB 3
Pandaigdigang Araw ng mga Katutubo 3
Pagpupugay sa mga martir sa Panay 3
Liza Maza at Ronnel Arambulo sa Senado 4
UP-AFP cooperation, pagyurak sa kalayaan 4
Mga protesta 4
Presensyang militar ng US sa SCS 5
Badyet panggera at pandarahas, lumolobo 6
Pang-aagaw ng lupa ng mga Consunji 7
Sa madaling salita 8
Walang tigil na karahasang militar sa Samar 9
Fil-Am naaktibista, nasugatan sa West Bank 9
*War games* ng US sa South Korea, tinutulan 9
West Papuan, pinananagot ang Indonesia 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

## Magkasunod na operasyong haras ng BHB-Masbate

BINULABOG NG MGA Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate (Jose Rapsing Command) ang mga sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa magkasunod na operayong haras sa dalawang magkahiwalay na kampo militar sa bayan ng Milagros, Masbate noong Agosto 10. Pinatamaan ng BHB-Masbate ang kampo ng 93rd Division Reconnaissance Company sa Sityo San Jose, Barangay Hamorawon at kampo ng 2nd IB sa Barangay San Antonio alas-9 ng gabi.

Ayon sa yunit, bahagi ito ng pagpapamalas ng kanilang pagkundena sa isinasagawang Pacific Partnership 2024-2 (PP24-2) "humanitarian mission" ng mga tropang Amerikano at Pilipino sa Legazpi City, Albay sa rehiyong Bicol mula Agosto 1 hanggang 14.

Sa North Central Mindanao, hindi bababa sa anim na mga sundalo ng AFP ang napatay sa pag-atake at aktibong depensa ng BHB noong Marso at Hulyo. Samantala, 12 sundalo naman ang naitalang nasugatan sa mga armadong aksyong ito.

Sa Bukidnon, pinaputukan ng BHB ang nag-ooperasyong tropa ng AFP sa Barangay Manalog, Malaybalay City noong Hulyo 5. Samantala noong Marso 6, naunang nakapagpaputok ang BHB laban sa umaatakeng mga sundalo sa Barangay Indalasa. Nakapagdepensa naman ang BHB noong Marso 18 ng umaga sa Barangay Dominorog, Talakag.

Sa Lanao del Sur, nabigo ng BHB ang pag-atake ng AFP sa hangganan ng bayan ng Maguing at Bumbaran noong Marso 11.

## Pandaigdigang Araw ng mga Katutubo, ginunita sa mga protesta

GINUNITA NG MGA grupong katutubo sa iba't ibang panig ng Pilipinas ang Pangdaigdigang Araw ng mga Katutubo noong Agosto 9. Sa pangunguna ng Katribu Kalipunan ng Katutubong Mamamayan ng Pilipinas, kasama ang mga grupong pambansa-demokratiko at maka-kalikasan, dinala nila sa Camp Aguinaldo, at mga upisina ng Department of Environment and Natural Resources, at National Commission on Indigenous Peoples ang kanilang mga hinaing.

Kinundena nila ang AFP sa militarisasyon, pambobomba, panggigipit nito sa mga komunidad ng katutubo. Iginiit naman nila sa DENR ang karapatan ng mga pambansang minorya sa lupang ninuno at sariling pagpapasya sa harap ng patuloy na pagbebenta sa dayuhan ng ating likas yaman at militarisasyon ng kanilang komunidad. Kinundena nila ang ahensya sa pakikipagsabwatan sa malalaking kumpanya sa mina at dam na sumisira sa kalikasan at nagpapalayas sa kanila mula sa kanilang mga lupa.

Sa NCIP, pinanagot nila ang ahensya sa walang lubay na pagpapabaya nito sa mga komunidad katutubo. Siningil nila ang ahensya sa kainutilan nito sa harap ng malawakang paglabag sa karapatang-tao ng mga tagapagtanggol ng mga katutubo, tulad nina Dexter Capuyan at Bazoo de Jesus, at ang di makatarungang paghatol na nagkasala sa Talaingod 13. Binatikos din nila ang ahensya sa pagbabago nito sa proseso ng pagkuha ng FPIC nang di kinokonsulta ang mga katutubo. Gayundin, siningil nila ang ahensya sa mahigpit na pakikipag-ugnayan nito sa NTF-Elcac, na instrumento sa maraming paglabag sa karapatang-tao ng mga pambansang minorya.

## Pagpupugay sa mga martir ng Agosto sa Panay

PINAGPUPUGAYAN AT KINILALA ng Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan (BHB), at buong rebolusyonaryong kilusan at masa ang 10 kadre ng Partido at Pulang hukbo na namartir sa serye ng mga depensibang aksyon noong una hanggang ikalawang linggo ng Agosto sa Lambunao at Calinog sa Iloilo.

Ang mga nabuwal na rebolusyonaryo ay nagmula sa iba't ibang henerasyon ng mga manggagawa, magsasaka at kabataang estudyante. Kinilala ang mga namartir bilang sina Benjamin Cortel (Mamang/Ruby) na nabuwal sa Barangay Aglonok noong Agosto 5, Jose Jerry Takaisan (Miller) na namartir sa Barangay Cabatangan noong Agosto 7 at sina Romulo Ituriaga Gangoso (Pedik/Regan), Armando Rogelio Sabares (Nene/Kulot), Aurelio "Boy" Bosque (Rio/Zarko/Baijan), Jovelyn Silverio (Akay/Purang), at Jielmor Gauranoc (Tango/Doc) na nabuwal sa Barangay Aglonok noong Agosto 8.

Naganap ang magkakasunod na mga labanan sa hangganan ng Janiuay, Lambunao at Calinog sa Iloilo, Valderama sa Antique at Libacao sa Aklan. Ang mga lugar na ito ay matagal nang ipinaiilalim sa *focused military operation* kung saan ibinubuhos ang napakaraming pwersa ng CAFGU, mga pulis at sundalo na 12th IB, 82nd IB, 61st IB at DRC sa ilalim ng 3rd ID.

Samantala, tinitiyak pa ang pagkakakilanlan ng tatlong iba pang namartir na inanunsyo ng AFP na sina Vicente Hinojales (Ka Emil), kalihim ng rehiyunal na komite ng Partido sa Panay at kagawad ng Komite Sentral; Concepcion Araneta-Bocala (Ka Concha), konsultant sa usapang pangkapayapaan; at Rewilmar Torrato (Ka Vivian).

Mayroong matibay na ebidensya na ang mga biktima ay nadakip at pinahirapan habang nasa kustodiya ng militar. Ito ay batay sa mga saksak at pasa sa katawan at nakagapos na mga paa ng ilang labi na nakuha ng mga pamilya.

Sinindak at tinangka pa ng mga sundalo na pigilan ang mga kamag-anak na bawiin ang mga labi ng kanilang mga mahal sa buhay. Inaalok ang mga pamilya ng "suportang pampinansya" kapalit ng hindi pagsasampa ng kaso.

## Liza Maza at Ronnel Arambulo, ika-4 at ika-5 kandidato ng Makabayan para sa Senado

MALUGOD NA TINANGGAP ng Koalisyong Makabayan ang mga anunsyo nina Liza Maza, dating kinatawan ng Gabriela Women's Party at isa sa tagapangulo ng koalisyon, at Ronnel Arambulo, bise presidente ng Pamalakaya, ang kani-kanilang deklarasyon para tumakbo sa Senado. Isinagawa ni Maza ang kanyang deklarasyon noong Agosto 15 sa isang maralitang komunidad, habang nag-anunsyo si Arambulo sa komunidad ng mangingisda sa Navotas noong Agosto 19. Ang dalawa ay kilalang mga lider masa na matatag na naninindigan para sa interes ng mamamayan at laban sa imperyalistang US. Si Arambulo, isang mangingisda ng Laguna de Bay, ay aktibo sa kampanya laban sa panggigipit ng China at para sa paggigiit ng karapatan ng mamamalakaya sa tradisyunal at teritoryal na mga pangisdaan.

Samantala, kinundena ni Maza at ng Makabayan ang pagtatangka ng rehimeng Marcos, sa pamamagitan ng NTF-Elcac, na pigilan ang deklarasyon ni Maza. Inipit nito ang mga residente ng komunidad sa North Caloocan na orihinal na benyu ng kanyang pulong masa, kaya kinailangang ilipat ang benyu.

Panawagan ng Makabayan na suportahan ang kandidatura nina Maza at Arambulo, gayundin ng tatlong una nang nagdeklara na mga kandidato nito na sina Rep. France Castro ng ACT Teachers Party, Rep. Arlene Brosas ng Gabriela Women's Party, at Jerome Adonis ng Kilusang Mayo Uno.

## "Deklarasyon ng kooperasyon" ng UP at AFP, pagyurak sa akademikong kalayaan

KABI-KABILA ANG PAGBATIKOS sa "deklarasyon ng kooperasyon" ng University of the Philippines (UP) at Armed Forces of the Philippines (AFP) na pinirmahan noong Agosto 8. Malaking pagyurak ito sa akademikong kalayaan, ayon sa mga kritiko.

Ang pagpasok ng unibersidad sa kasunduang ito ay magtutulak sa UP na maging kasabwat sa laganap na mga paglabag sa karapatang-tao at pampulitikang panunupil na ginagawa ng AFP, ayon sa mga tumututol dito. Ginagawa nitong lehitimo ang kasalukuyang panunupil sa kritikal na mga tinig at progresibong inisyatiba sa loob ng unibersidad na binabansagan ng AFP na banta sa "pambansang seguridad."

**Ipagtanggol ang UP.** Inilunsad ng mga estudyante ng UP-Diliman ang 'First Day Fight" noong Agosto 20 para kundenahin ang maraming kapalpakan ng administrasyon ng unibersidad. Tinutulan din nila ang pagkaltas ng badyet sa edukasyon at komersyalisasyon ng mga espasyo at serbisyo sa unibersidad. Itinakwil nila ang panghihimasok ng pulis at militar sa mga kampus nito. Isinagawa rin ang katulad na mga protesta sa iba pang kampus ng UP sa Bagiuo, Manila, Laguna, Davao, Cebu at Iloilo nitong nagdaang mga linggo.

**3-araw na tigil pasada kontra *jeepney phaseout*, muling umarangkada**. Muling naglunsad ng tigil pasada sa Metro Manila noong Agosto 14-16 ang mga tsuper at opereytor ng mga dyip laban sa kontra-mahirap at makadayuhang programang "modernisasyon" sa transportasyon. Binatikos nila si Ferdinand Marcos Jr sa pagtangging dinggin ang resolusyon ng Senado na nagmungkahing isuspinde ang programa para tugunan muna ang mga usapin na inirereklamo ng mga tsuper at opereytor. Pinirmahan ito ng lahat ng senador liban kay Risa Hontiveros ng Akbayan. Pinangunahan ang tigil-pasada ng Piston at Manibela.

**MATATAG kurikulum, ipinababasura.** Nasa 100 guro at manggagawa sa edukasyon sa ilalim ng ACT ang nagprotesta sa harap ng DepEd sa Pasig City noong Agosto 15 para ipanawagan ang kagyat na pagbasura sa MATATAG kurikulum. Anila, sobra-sobrang trabaho at pahirap ang idinudulot nito sa mga titser, na pinatitindi ng kakarampot na dagdag-sweldo ng rehimeng Marcos. Puna nila, basta ipinatupad ang kurikulum ngayong *school year* nang walang sapat na pagtatasa sa krisis ng pagkatuto at tunay at demokratikong konsultasyon sa mga guro at mga manggagawa sa edukasyon. Pinapagod nito ang guro sa labis-labis na mabigat na trabaho at pinaiksing oras kada larangan ng pagkatuto.

**Petisyon para sa *writ of amparo* at *habeas data*, inihain sa Korte Suprema.** Nagpiket sa harap ng Korte Suprema sa Maynila ang mga pamilya ng mga desaparecido na sina Dexter Capuyan at Gene Roz Jamil de Jesus (Bazoo) at kanilang mga abugado noong Agosto 14 matapos maghain ng *writ of amparo* at *writ of habeas data* sa korte. Isinampa ito ng mga kaanak ng mga biktima matapos ibasura ng Court of Appeals ang naunang petisyon noong Setyembre 2023.

**Panunupil sa mga lider-estudyante.** Sa Tacloban City, marahas na binuwag ng mga pulis ang kilos-protesta ng mga lider-estudyante ng UP noong Agosto 16. Nasa syudad sila para sa taunang pagtitipon ng mga konseho ng mga mag-aaral ng UP. Sa protesta, kinaladkad ng mga pulis at pinosasan ang isang lider-estudyante. Kinordon naman ng mga pulis at pinigilang lumabas nang dalawang oras ang may 100 estudyante.

# Dambuhalang presensyang militar ng US sa South China Sea

Linggo-linggo, laman ng balita sa Pilipinas ang presensya ng mga barkong pangisda, nabal at *coast guard* ng China sa ilang bahagi ng *exclusive economic zone* (EEZ) nito at kalakhan ng South China Sea (SCS). Sa kabilang banda, bihirang ibalita ang dambuhalang presensya ng mga pwersang militar ng US sa karagatang ito, liban kung may malakihang *war games* kasama ang Armed Forces of the Philippines. Higit dito, hindi sinusubaybayan ang mahabang pamamalagi ng mga pwersang Amerikano sa rehiyon at ang nagpapatuloy na paglaban ng mga mamamayan sa Asia sa presensya nito.

Mula 1943, permanenteng nakaistasyon ang 7th Fleet ng US sa Southeast Asia. Saklaw ng operasyon nito ang Indian Ocean at West Pacific, kasama ang South China Sea. Naka-istasyon ito sa Subic Bay sa Zambales mula 1945 hanggang ibasura ng Senado ng Pilipinas ang Military Bases Agreement noong Setyembre 16, 1991. Inilipat ang base ng 7th Fleet sa Yokosuka, Japan sa kabila ng malawak na pagtutol dito ng mamamayang Japanese.

Mula dekada 2010, unti-unting ibinaling ng US ang 60% ng mga aset nitong nabal tungo sa Asia para gamitin laban sa diumano'y operasyong "anti-access/area denial" (A2/AD) ng karibal nitong imperyalistang China. Sa tabing ng mga karapatan at kalayaan sa paglalayag ng lahat ng bansa (*rights and freedoms of all nations to navigation*), ipinaarangkada nito ang militaristang "freedom of navigation operations" (fonops) para igiit ang walang sagkang paglabas-masok ng malalaking barkong pandigma, submarino at eroplanong pambomba nito sa mga EEZ ng mga bansang nakapalibot sa SCS. Kabilang dito ang Taiwan Strait na itinuturing ng China na teritoryong pandagat nito. Iginigiit ng US ang karapatan ng mga barkong pandigma nito sa "inosenteng pagdaan" sa makipot na lagusan na ito, na lumilikha ng tensyon sa China. Ang masasaklaw na karapatang ito ay ipinatutupad ng US di lamang sa karagatan, kundi pati sa himpapawid (*airspace*).

Mula 2020, itinambak ng US sa Asia ang tatlo pang malalaking barko para sa mga operasyong A2/AD sa SCS. Sa taong ito, nagsagawa ang US ng 15 paglalayag sa Taiwan Strait, kasama ang mga barko ng Canada.

Noong 2023, magkasabay na pinalayag nito sa SCS ang mga Carrier Strike Group (CSG) na USS Ronald Reagan, USS Nimitz at USS Carl Vinson. (Ang CSG ay binubuo ng isang *air craft carrier* at ng 5-6 mas maliliit na barkong nabal, na may kabuuang tauhan na hanggang 7,500.) Sa katapusan ng taong iyon, lumayag naman dito ang USS Abraham Lincoln. Anim na beses na dumaan ang mga ito sa Bashi Channel sa pagitan ng Batanes at Taiwan, at animo'y binaybay ang inaangking karagatan sa loob ng 9-*dash line* ng China.

Mula sa hilagang Luzon, naglayag ang mga ito tungong Balabac Strait sa Palawan, dumitetso sa hilagang bahagi ng karagatan sa hanganan ng EEZ ng Malaysia at Indonesia bago bumalik sa Bashi Channel. Mula sa dating tatlo hanggang isang linggong pamamalagi ng mga ito sa SCS, nagtagal ang mga ito ng abereyds ng 14 hanggang 48 araw. Anim na beses namang naglayag ang iba pang barko ng US sa Taiwan Strait.

Katuwang ng mga barkong ito ang apat na *surveillance ship*, dalawang *amphibious ready group* at tatlong dambuhalang *oceanographic survey ship* na nagtagal ng kabuuang 314 araw sa SCS. Nagdeploy din ito ng higit 10 submarinong pinatatakbo ng enerhiyang nukleyar at may dalang mga armas nuklerya. Isa rito, ang USS Kentucky na armado ng mga misayl na nukleyar, ay sinalubong ng protesta nang dumaong sa South Korea noong Hulyo 17, 2023.

Kasabay ng *fonops* ang pagpapalipad ng US ng mga eroplanong pambomba at pangsarbeylans. Noong 2023, di bababa sa 20 beses nagpalipad ang US ng mga B-52H mula sa base nito sa Guam. Naiulat din ang 1,000 beses na pagpapalipad nito ng mga eroplanong pangsarbeylans mula sa Japan, South Korea at Clark Airbase sa Pampanga. Iniulat ng China na 100 dito ay sumagad sa hangganan ng teritoryong panghimpapawid nito.

Gumamit ang US ng abanteng mga MQ-4C Triton *unmanned aerial vehicle* (UAV) na pinalipad mula sa *drone base* nito sa Okinawa, Japan. Mariing tinutulan ng mga residente ng Okinawa ang *deployment* ng mga *drone* na ito sa kanilang isla dahil mataas ang potensyal ng mga aksidente ng gayong mga UAV sa himpapawid. AB



# Badyet panggera at pandarahas, patuloy na lumolobo

Palaki nang palaki ang inilaang badyet ni Marcos para sa kanyang instrumento ng terorismo ng estado. Sa panukalang badyet ni Marcos para sa 2025, kapuna-puna ang planong 51% na dagdag na kabuuang badyet para sa militar, mula sa ₱278.1 bilyong ngayong 2024 tungong ₱419.3 bilyon sa 2025. Malaking bahagi nito ay mapupunta sa Armed Forces of the Philippines na makatatanggap ng ₱242.8 bilyon.

Halos lahat ng sangay ng AFP ay makakatanggap ng dagdag-badyet sa 2025, pinakamataas ang Philippine Navy, na lalaki mula ₱41.4 bilyon tungong ₱49 bilyon. Ganito rin para sa Philippine Army na makakatanggap ng dagdag ₱1.8 bilyon, at Philippine Air Force, na makakatanggap ng dagdag ₱4.6 bilyon.

Malaki rin ang magiging pagtaas sa pondo ng Revised AFP Modernization Program (RAFPMP), na nakatakdang makatanggap ng 25% dagdag-badyet, mula ₱40 bilyon tungong ₱50 bilyon. West Philippine Sea ang ginagawang rason para sa nasabing pagtaas. Sa RAFPMP kinukuha ng militar ang pambili ng iba't ibang armas na ginagamit nito sa paghahasik ng terorismo sa kanayunan, gaya ng pagbili ng ilang bats ng Elbit *drone systems* sa Israel, *attack helicopter*, mga barkong pandigma, at *radar systems* sa nagdaang mga taon. Balak ng AFP bumili ng mga bagong FA-50PH *light jet fighters* mula sa South Korea gamit ang pondo sa 2025.

Sa pandigmang postura nito sa West Philippine Sea, bubuhusan din ng pondo ang Philippine Coast Guard na makatatanggap ng ₱31.3 bilyon, na gagamitin umano para sa pagtatayo ng ospital (₱386 milyon), pagtatayo ng West and South Navigational Tele Project (₱452 milyon), at Radar for Cebu Vessel Traffic Management System (₱37 milyon).

Nakabaon sa libu-libong pahina ng badyet ng reaksyunaryong gubyerno ang plano nito para sa taunang pagbili ng 120,000 set ng uniporme ng mga sundalo at halos 110,000 set ng *combat boots* mula 2025 hanggang 2029, na may kabuuang halagang ₱3.77 bilyon.

Samantala, malaki rin ang pagigpaw ng badyet ng Philippine National Police (PNP , na lolobo mula sa kasalukuyang ₱198.3 bilyong badyet tungong ₱206.2 bilyon. May laang ₱581 milyon para magrekrut ng 2,000 bagong pulis. Naglaan din ng ₱450 milyon para magtayo ng dagdag na 37 istasyon ng pulis sa bansa.

Hindi rin nagpapahuli ang National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) na nilaanan ng ₱7.8 bilyon para sa Barangay Development Program nito, na malaon nang nabistong porma ng *pork barrel* ng mga heneral.

May ₱4 bilyong badyet din sa susunod na taon ang Philippine Drug Enforcement Agency para sa pagpapatuloy sa madugong drug war.

Patuloy ring nilalaanan ang *confidential and intelligence funds* (CIF), na may kabuuang ₱10.3 bilyong badyet. Aabot sa ₱5.9 bilyon dito ang para sa *intelligence funds*, o pondong paniktik para sa mga unipormadong ahensya, at ₱4.4 bilyon naman para sa *confidential funds*, na pondong paniktik para sa mga sibilyang ahensya. Ipinagmamalaki ni Marcos na mas maliit ang badyet ng *confidential funds* dahil inalis ang badyet para dito sa ilang ahensya gaya ng Office of the Vice President.

Gayunman, ang hindi binabanggit ng reaksyunaryong gubyerno ay kung paano nito madaling nalalaro ang pondo para sa CIF nang walang nakapapansin. Sa panukala noong 2024, ₱5.3 bilyon lamang inilaan para sa *intelligence funds*, pero nang maging batas, biglang nadagdagan ito ng ₱2.9 bilyon tungong ₱8.3 bilyon.

Habang bundat na bundat ang pondo ng militar at pulis, nahaharap naman sa malalaking pagkaltas ang mga ahensya ng reaksyunaryong gubyerno na dapat sana'y nagbibigay ng direktang serbisyo, kabilang na ang Department of Health na may ₱23.4 bilyong kaltas, Department of Labor and Employment (₱14.4 bilyon), Department of Social Welfare and Development (₱18.4 bilyon), at kahit *state universities and colleges* na kakaltasan ng ₱19.2 bilyon.

Isa sa pinakamalaking kakaltasin ay ang pondo para sa mahihirap na pasyente para sa kanilang gastos pang-ospital (₱31.2 bilyon). AB



# Pang-aagaw ng lupa ng mga Consunji sa Negros Occidental

Hinaharap ngayon ng mga residente sa timog ng Negros Occidental ang banta ng pagpapalayas sa gitna ng planong paglalatag ng plantasyong *oil palm* ng pamilyang Consunji. Marami sa mga pamilya dito ang nakatira at nagsaka sa lugar sa nakaraang 60-70 taon.

Inaagaw ng Hacienda Asia Plantations Incorporated (HAPI), sosyohan ng Sirawai Plywood and Lumber Corporation ng pamilyang Consuji at ni Alfred Joseph Araneta, ang 6,652.32 ektaryang lupa. Saklaw nito ang ilang barangay sa Candoni at Hinobaan para sa ₱2 bilyong proyektong plantasyon.

Ang naturang lupa ay klasipikado bilang *forest land* (kagubatan) at ang 4,000 ektarya nito ay lupang ninuno ng katutubong Ati. Sa pakikipagsabwatan sa lokal na gubyerno ng Candoni at Department of Environment at Natural Resources (DENR), isinagasa ng mga Consuji ang planong plantasyon sa lupang pampubliko.

Mismong ang mga lokal na upisyal ang naglako sa "benepisyo" na umano'y ihahatid ng plantasyon sa kanilang bayan at mamamayan. Sadyang minaliit nila ang malulubhang apekto nito sa buhay at kabuhayan ng mga magsasaka at katutubo na sasaklawin nito.

Napasakamay ng mga Consuji ang lupa sa pamamagitan ng isang Integrated Forest Management Agreement (IFMA) na pinasok nito at ng DENR noong 2009. Ang IFMA ay isang mekanismo ng kagawaran para ibigay sa pribadong mga kumpanya ang ekslusibong karapatan para "paunlarin, pangasiwaan, protektahan at gamitin" ang isang takdang erya ng kagubatan at mga rekurso dito. Pinahihintulutan ito sa loob ng 25 taon at maaaring palawigin nang dagdag na 25 taon.

Nobyembre 2022 pa nang inianunsyo mismo ng mga Consuji ang plano nitong pumasok sa bagong pamumuhunan sa agrikultura kabilang ang plantasyong *oil palm*. Target nitong saklawin ang Visayas at Mindanao at planong maging mayor na mamumuhunan sa larangang ito.

**Perwisyo sa mga magsasaka**

Habang ganansya para sa mga Consuji, ang plantasyong *oil palm* ay walang ibang idudulot sa masang magbubukid kundi perwisyo. Noong huling linggo ng Hulyo, sinimulan na ang agresibong pagpapalayas sa mga residente sa saklaw na mga barangay.

Ayon sa grupo ng mga magbubukid sa Barangay Gatsulao sa Candoni, hindi bababa sa 1,000 magsasaka at kanilang pamilya, kabilang ang mga katutubo, ang posibleng mapalayas dahil sa plantasyon. Sa katunayan, kinalbo na ng kumpanya ang 100 ektarya ng lupa sa erya at tinaniman na ng *oil palm*.


Mahigpit itong tinutulan ng mga magsasaka na nagbabalak na magsampa ng Writ of Kalikasan, isang ligal na remedyo para ipahinto ang plantasyon. Naninindigan silang mananatili sa lupa at ipagtatanggol ang kanilang karapatan dito.

Sa ulat mismo ng kumpanya, mayroon itong inihandang 870,000 punla ng *oil palm* sa *nursery* nito sa Barangay Gatuslao. Matapos ang 10 hanggang 12 buwan ay itatanim na ito sa kinamkam na lupain. Nakatakda ring itayo ng mga Consuji sa 2026 ang isang planta para sa pagproseso ng *palm oil*.

Sa karansan sa ibang prubinsya, tulad sa Palawan, masaklap ang sinapit ng mga komunidad na ginawang plantasyon ng *oil palm*. Inireklamo ng mga magsasaka ang pagiging matakaw sa tubig ng mga ito na nakapipinsala sa katabi nitong mga sakahan. May ilang pagkakataon pang nalalason ang lupa at hindi na magamit para sa ibang tanim dahil sa pestisidyong ginagamit sa *oil palm*.

Magdudulot din ang mga plantasyon ng malawakang pagkakalbo sa kagubatan at bundok, pagguho ng lupa, posibleng sakit sa mga residente at iba pang masasamang epekto.

Sa mga katulad na plantasyon sa Mindanao at Palawan, napakababa ng pasahod ng mga kumpanya sa *oil palm*. Wala silang mga benepisyo at laging nasa panganib ang kanilang trabaho. Nakapako sa napakababang antas ang sahod ng mga manggagawang-bukid. Sa kaso sa Palawan, umabot lamang sa ₱120-₱150/araw ang pasahod noong 2005, ₱130-₱180/araw noong 2009 at ₱215/araw noong 2014 sa mga manggagawa sa plantasyon ng *oil palm*. Sa isang pag-aaral noong 2012, tinatayang nasa 27% ng mga manggagawa sa mga plantasyong ito ay mga bata, edad 5-17. AB



# ₱64/araw

kada tao ang lubhang mababang pamantayan ng NEDA para tawagin ang isang Pilipino na hirap sa pagkain para palabasing mababa ang tantos ng kahirapan sa bansa.


# ₱242.53/araw

ang itinakda ng National Nutrition Council na kailangan ng isang indibidwal para matiyak ang balansyado at masustansyang dyeta.



# 6.5 milyon

kulang na pabahay noong 2022, na tinatayang tataas pa sa 22 milyon sa 2040 dahil sa kainutilan ng reaksyunaryong estado na magbigay ng angkop at abot-kayang pabahay.




# Tatlong 2,000 librang

gawang-US na bomba ang inihulog ng Israel sa isang eskwelahang nagsisilbing sentrong kanlungan sa Gaza noong Agosto 10. Pumatay ito sa mahigit 100 bakwit, kabilang ang mga bata at kababaihan, na noo'y nakatipon para sa kanilang pagdarasal.

# 89%

ng ipinagmamalaking "bagong trabaho" noong Hulyo ay mababang kalidad, panandalian at nasa mga sektor na pinakabarat magpasahod.



# 30%

pagdami ng kaso ng **dengue** pagpasok ng tag-ulan. Mula Enero hanggang Hunyo, nagtala ang mga ospital ng 90,119 kaso ng nagkasakit nito, kung saan 233 ang namatay.

# 1898

## AGOSTO 13

ginanap ang palabas na sagupaan sa Maynila (Mock Battle of Manila) upang pormal na "isuko" ng Spain ang Pilipinas sa US, at pigilang makapasok sa Maynila ang mga gerilyang Pilipino. Pagsapit ng Disyembre, nagkasundo sa Paris para ibenta ng Spain sa US ang Pilipinas sa halagang $20 milyon na ginawang kolonya at tuntungan ng bagong-usbong na imperyalistang US para ipataw ang pandaigdigang hegemonya.



# ₱100/kilo

ang panukalang ipataw na buwis sa **plastik na mga supot** na pinakaginagamit sa mga tindahan at palengke, mas mataas pa sa presyo ng hilaw na materyales ng ginagamit sa mga produktong ito.

Dodoblehin nito ang presyo ng naturang produkto, tulad ng "sando bag" mula ₱0.51 tungong ₱0.91 kada piraso.

# 12% VAT

ipinataw na buwis sa dayuhang *digital services* tulad ng Netflix at Amazon, na magtataas sa singil sa mga serbisyong ito.

# Walang tigil na karahasang militar sa Northern Samar

Walang lubay ang paghaharing militar ng 74th IB sa maraming bayan ng Northern Samar. Kabi-kabilang mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao ang patuloy na naitatala dito sa nagdaang mga linggo.

Sa Palapag, dinakip at pinatay ng 74th IB si Ryan Arnesto sa Sityo Canonghan, Barangay Osmeña habang nasa koprasan noong Hulyo 8. Lamog sa bugbog at halos hindi makilala ang bangkay ni Arnesto dahil sa pamamaga at mga hiwa ng kutsilyo sa kanyang mukha, mga braso at binti. May tama rin siya ng bala sa leeg, sa ilalim ng dibdib at sa bahaging tagiliran.

Ayon sa saksi, iginapos ng mga sundalo si Arnesto sa puno ng niyog, tinalian at hinila ang ulo, bago niratrat ng bala. Parang hayop na kinaladkad ng mga ito ang bangkay patungo sa katabing Barangay Bagacay.

Kasabay na dinakip ng mga sundalo ng 74th IB sa naturang sityo si Marlo Turbanada, isang kabataang magsasaka. Ipinailalim siya ng mga sundalo sa matinding pisikal at mental na tortyur. Arbitraryo siyang idinetine at sapilitang pinaggigiya sa mga operasyong kombat ng militar.

Sa ibang bahagi ng bansa, naitala ang sumusunod na mga kaso ng mga paglabag:

**Pag-aresto.** Arbitraryong inaresto ng mga pwersa ng estado ang dating pangkalahatang kalihim ng Karapatan-Southern Midanao na si Jayvee "Jay" Apiag noong Agosto 13 sa Digos City. Kinasuhan siya ng bigong pagpatay.

**Panggigipit.** Muling tinakot at pinagbantaan ng NTF-Elcac ang lider-estudyante at tagapagtanggol ng karapatang-tao sa Cavite na si Paolo Tarra. Paulit-ulit na pinuntahan ng mga ahente nito ang bahay ng kanyang pamilya noong Agosto 4 at tinakot na sasampahan ng kasong "terorismo." Binantaan rin siyang dudukutin kung hindi titigil sa progresibong mga aktibidad.

**Demolisyon.** Sa Tarlac City, anim na bahay ng mga magsasaka sa Barangay Central, sakop ng Hacienda Luisita, ang giniba noong Agosto 12 ng mga tauhan ng tinaguriang "Luisita warlord trio." Ang "trio" na ito ay ang mga pamilyang Lorenzo, Cojuangco at Ayala. Pinalalayas sa naturang barangay ang humigit-kumulang 989 pamilya para bigyang daan ang ₱18 bilyong proyekto ng Ayala Land Inc. na sasakop sa 290 ektaryang lupa dito.

Sa Bataan, hindi bababa sa 26 na pamilya ng mga mangingisda ang napalayas sa demolisyon sa Sityo Kabilang Ilog, Barangay Capunitan, Orion noong Agosto 12. Ang komunidad, na nakaharap sa Manila Bay, ay bumabangon pa lamang mula sa epekto ng *oil spill* at kamakailang bagyong Carina at pag-ulan dulot ng habagat. Pinalalayas sila para sa balak na negosyong itayo sa lugar.

Sa Masbate, iligal na nagputol ng punong kahoy ang mga sundalo ng 2nd IB sa komunidad ng mga magsasaka sa Hacienda Mortuegue-Larrazabal noong Agosto 4. Ang asyenda ay saklaw ng mga barangay ng Tubog sa Pio V. Corpuz at Tawad sa bayan ng Esperanza. Ginagamit itong taktika ng 2nd IB at panginoong maylupa para itaboy at palayasin ang mga magbubukid sa asyenda. AB

## Pilipino-Amerikanong aktibista, nasugatan sa West Bank

NASUGATAN SA WALANG habas na pamamaril ng mga pwersang militar ng Zionistang Israel si Amado Sison, aktibistang Pilipino-Amerikano, habang kumukuha ng bidyo sa protesta sa Beita, West Bank sa okupadong lupain ng Palestine noong Agosto 9. Ayon sa kanya, tumakbo sila nang buwagin ang protesta at doon siya binaril sa hita. Gumamit rin umano ng *tear gas* ang mga pwersa ng Israel.

Ang pagsalakay sa protesta ay kasunod ng walang-tigil na pag-atake ng Zionistang Israel, sa suporta ng imperyalismong US, sa mga Palestino sa Gaza Strip at okupadong teritoryo sa West Bank.

Mula Agosto 15, 15,000 ang nagprotesta sa Chicago sa pagbubukas ng pambansang pagpupulong ng partidong Democrat para ipanawagan sa kandidato nitong si Kamala Harris na manindigan laban sa henosidyo. Nitong Agosto rin, tuluy-tuloy ang dambuhalang mga rali na maka-Palestine sa France, United Kingdom, Sweden at Spain.

Sa huling tala noong Agosto 18, lampas 40,000 na ang pinaslang ng Israel na mga Palestino sa Gaza Strip at West Bank. Halos 100,000 naman ang naitalang nasugatan sa mga pag-atake nito at daan-daang libo na ang napalayas sa kanilang lupain.

## *War games* ng US sa South Korea, tinutulan

LIBU-LIBO ANG NAGRALI sa Seoul, kabisera ng Republic of Korea (ROK o South Korea), noong Agosto 10 para tutulan ang Ulchi Freedom Shield (UFS) 2024 na nakatakdang ilunsad sa bansa mula Agosto 19 hanggang Agosto 29. Ang *war games* na ito ay taunang inilulunsad ng US sa ROK, pero para ngayong taon ay isasama sa unang pagkakataon ang ehersisyong pagtugon ng ROK sa panahon ng isang atakeng nukleyar.

Ipinanawagan rin nila ang pagbabasura ng alyansang militar ng US, Japan at South Korea at ang pagbibitiw ni Presidente Yoon Seok Yeol na sunud-sunuran sa US.

# Mga West Papuan, pinananagot ang Indonesia sa karahasan at pagwasak nito sa kalikasan

Libu-libong mamamayang Papuan ang nagprotesta noong Agosto 15 sa mga syudad sa West Papua para batikusin ang nagpapatuloy na karahasan, pananakop at pandarambong ng Indonesia sa kanilang teritoryo. Itinaon nila ang pagkilos sa paggunita sa ika-62 anibersaryo ng iligal na pang-aagaw at pagsakop ng Indonesia sa West Papua.

Tulad sa maraming pakakataon sa nakaraan, binuwag ng mga pwersa ng estado ang mga rali. Pinagbababaril gamit ang *rubber bullet* at tinirgas ang mga nagprotesta. Sa Nabire, kapitolyo ng prubinsya ng Central Papua, nasugatan ang isang raliyista habang iligal na inaresto ang 95 katao. Dinahas rin ang mga pagkilos sa lima pang sentrong syudad.

Karaniwan na ang karahasan ng mga pwersa ng Indonesia laban sa mga Papuan na nakikibaka para sa pambansang paglaya at sesesyon (paghihiwalay sa Indonesia bilang bansa). Noong 2023, hindi bababa sa 76,000 Papuan ang napilitang lumikas dahil sa karahasang militar.

Sa unang hati ng 2024, naitala ng mga grupo ang higit 266 biktima sa 39 kaso ng paglabag sa karapatang-tao. Karaniwan itong karugtong ng pagpasok ng mga pribadong kumpanya sa mga lupang ninuno ng mga Papuan.

Sa panahong ito, siyam ang pinaslang ng armadong pwersa ng Indonesia at pinalabas na mga kasapi ng West Papua National Liberation Army. Mayroong 12 biktima ng tortyur at 98 ang arbitraryong ikinulong. Puu-puo ang tinakot at pinagbantaan.

Kabi-kabila rin ang pambubuwag sa mga protesta sa West Papua at maging sa mga rali sa Indonesia na sumusuporta sa pakikibaka ng mga Papuan. Bawal kahit ang simpleng pagwawagayway o pagkakaroon ng bandila ng West Papua.

**Permanent People's Tribunal**

Noong Hunyo 27-29, isinagawa sa London, United Kingdom ang kauna-unahang Permanent People's Tribunal (PPT) hinggil sa West Papua. Napatunayan dito na mayroong pananagutan ang Indonesia sa malawakang paglabag sa karapatang-tao at pagwasak sa kalikasan sa West Papua.

Sa pangunguna ng Climate Crime and Climate Justice, kasama ang Indigenous Peoples' Movement for Self-Determination and Liberation at 13 iba pang lokal at internasyunal na mga organisasyon, isinampa ng mga organisasyong Papuan sa PPT ang apat na reklamo laban sa estado ng Indonesia. Isinampa dito ang pagnanakaw sa mga lupang ninuno, marahas na panunupil para isagasa ang mga industriya, sistematikong pagwasak sa kalikasan at pakikipagsabwatan sa dayuhang mga gubyerno at korporasyon para isagawa ang mga naunang krimen.

Hatol ng tribunal, pwersahang inagaw ng estado ng Indonesia ang lupa ng katutubong Papuan sa pamamagitan ng diskrimasyon sa kanilang lahi, na nagresulta sa pagkawasak ng kanilang kultura at marahas na panunupil, kabilang ang iligal na detensyon, ekstrahudisyal na pamamaslang, pagpapalayas at pagkasira ng kalikasan.




**Kasaysayan ng West Papua**

Ang West Papua (dating Netherlands New Guinea) ay nasa timog-silangan ng Pilipinas. Bahagi ito ng noo'y Dutch East Indies (ngayo'y Indonesia) na kolonya ng The Netherlands mula 1880. Nang kilalanin ng Dutch ang independensya ng Indonesia noong 1949, inangkin nito ang West Papua para tiyakin ang pang-ekonomyang interes sa rehiyon.

Noong Agosto 15, 1962, ipinakana ang New York Agreement, sa pagitan ng The Netherlands at Indonesia, na nagbuo ng pansamantalang tagapamahalang awtoridad ng United Nations sa West Papua. Nakasaad din ang posibleng paglilipat ng awtoridad sa Indonesia kasunod ang isang reperendum para sa sariling pagpapasya ng mga Papuan.

Inilunsad ng Indonesia ang huwad na reperendum kung saan pinapili ang mga Papuan kung nais nilang magpailalim sa republika ng Indonesia. Pumili ang mga sundalong Indonesian ng 1,024 Papuan, wala pang 1% ng buong populasyon, bilang kalahok sa reperendum at sapilitang pinaboto sila para sa integrasyon.

Sa harap nito, sumibol ang kilusang magpaglaya at pagtataguyod sa karapatan sa sariling pagpapasya sa West Papua. Noong Disyembre 1963, nabuo ang Organisasi Papua Merdeka (Organisasyon para sa Malayang Papua), isang malapad na kilusan ng mga grupo para sa paglaya ng Papua. Tumatayo bilang armadong pwersa nito ang West Papua National Liberation Army. AB